# Lumabas ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nagdadasal [upang manalangin ng ulan],Humarap siya sa Qiblah,pagkatapos ay nagdasal ng dalawang tindig,at ginawa niyang hayag ang pagbabasa rito

Ayon kay `Abdullāh binZaid bin `Asim Al-Mazini, malugod si Allah sa kanya.Nagsabi siya:Lumabas ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nagdadasal [upang manalangin ng ulan],Humarap siya sa Qiblah,pagkatapos ay nagdasal ng dalawang tindig,at ginawa niyang hayag ang pagbabasa rito)) at sa isang pananalita (( sa pinagdadasalan))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sinusubukan ni Allah-Pagkataas-taas Niya ang kanyang mga alipin ng ibat-ibang pagsubok;Upang maisagawa nila ang pananalangin sa kanya na Nag-iisa at upang alalahanin nila Siya,At nang matuyo ang kalupaan sa panahon ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Lumabas siya sa mga tao sa lugar na Pinagdadasalan nila ng Eid sa disyerto;Upang manalangin ng ulan mula kay Allah-Pagkataas-taas Niya-at upang maging pinakamalapit sa pagpapakita ng pananalangin at pangangailangan kay Allah-Pagkataas-taas Niya-,Humarap siya sa Qiblah,na walang pag-aalinlangang matatanggap ang pananalangin,At nagpatuloy siya sa pananalangin na mabigyan ng biyaya ang mga Muslim,at matanggal sa kanila ang Tagtuyot,at bilang Pagtitiwala sa pagbabago ng kalagayan nila mula sa pagkagutom patungo sa pagyabong,at mula sa kahirapan patungo sa kasaganahan,Binaliktad niya ang manta niya mula sa gilid patungo sa ibang [gilid],Pagkatapos ay nagdasal siya sa kanila ng dasal na Istisqa [para sa pananalangin ng ulan] ng dalawang tindig,ginawa niyang hayag ang pagbabasa rito,sapagkat ito ay dasal na pangkalahatan